



American Heart Association.



Masinsinang Usapan Kasama ng Aking Health Care Professional:

Pag-unawa sa Aking Lp(a) Risk

Dalhin ang sheet na ito sa iyong appointment at pag-usapan ang mga sumusunod na tanong.

SURIIN ANG AKING PERSONAL AT FAMILY HISTORY

Ang ibig sabihin ng Lp(a) ay lipoprotein (a) at isa itong genetic na namamanang hiwalay na risk factor para sa sakit sa puso.

Pag-usapan kasama ng iyong health care professional kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod:

- Alam mong may family history kayo ng mataas na Lp(a)
- Family o personal history ng sakit sa puso o premature coronary artery disease (ibig sabihin, wala pang edad 45 para sa kalalakihn at wala pang edad 55 para sa kababaihan)
- Diagnosis ng familial hypercholesterolemia (namamanang kondisyon kung saan mahina ang pag-recycle ng katawan sa LDL o bad cholesterol)

Mga Tala:

Kung mayroon, itanong kung kailangan mo bang magpa-screen para sa Lp(a).

PAG-UNAWA SA NUMBER KO

Kapag na-screen ka na, itanong sa iyong health care professional ang mga sumusunod:

Lp(a) number ko:

Ibig sabihin ng Lp(a) number ko?

Anong level ang maituturing na mataas?

May mga dahilan ba kung bakit tumataas ang Lp(a) number?

Dapat ko bang hikayatin ang mga kapamilya ko na magpa-screen din?

I-ASSESS ANG PANGANIB KO SA SAKIT SA PUSO

Sa tingin ba ninyo, nanganganib akong magkaroon ng sakit sa puso o stroke?

Ano pa ang ibang nakakadagdag sa panganib ko?

ALAMIN ANG MGA TREATMENT

Bagama't walang epekto sa Lp(a) ang mga pagbabago sa lifestyle, mahalaga pa ring pababain ang pangkalahatan mong panganib na magkaroon ng sakit sa puso, stroke, at peripheral arterial disease.

Anong mga pagbabago sa lifestyle ang puwede kong gawin para mapababa ang panganib kong magkaroon ng sakit sa puso?

Anong mga resource ang makakatulong sa akin para alamin ang higit pa tungkol sa Lp(a) at sakit sa puso?

Tandaan, kung mataas ang Lp(a) mo, hindi mo ito kagagawan, at ngayong alam mo na, kontrolin at pababain ang pangkalahatan mong panganib na magkaroon ng sakit sa puso! Alamin ang higit pa sa heart.org/lpa